*Tula*

# Hinga, Hikbi... Sigaw!

**Kristine Mae Vicedo**

**Abstract**

"Hinga, Hikbi... Sigaw!" echoes the daily toils of common women as they juggle multiple responsibilities and different roles as wife, mother, and homemaker. It mirrors the harsh truth of devalued domestic labor, oftentimes punctuated by domestic violence.

Women do roll with the punches—figuratively and literally. As they struggle to move out of their own domestic space, they find other women sharing their own experiences and they gain a new-found strength: strength in solidarity, strength in standing for one's self, strength in saying no to violence.

Para maluwag na makahinga, kailangang tumigil na sa paghikbi at sumigaw...sumigaw patungong pagbabago.

Imulat ang mata,
Magpungas-pungas,
Babangon na.
Ako'y magluluto pa.
Hinga.

Ilagay ang toyo,
Halu-haluin... igisa.
Isilid sa baunan,
Iabot sa anak...
Hinga.

unin ang walis,
Hugasan ang pinggan,
Harapin ang labada.
Tapos na ba? Hindi pa.
Hinga.

Biyahe pa-palengke,
Tumawad nang presyong imposible,
Napamahal pa rin sa karne.
Kulang na ang pambaon ni Junior…
Bahala na. Hinga.

Magluto na ulit.
Darating na sila.
Isangkutsa… igisa.
Sa wakas, luto na.
Pwede na ring makahinga.

Sa hapag, lahat ay dumatal,
Bawat isa, may kwento…
May nagtanong ba kung kumusta
ang araw ko?
Wala… noon pa man, wala na.
Ayos lang. Hinga.

Bago matulog, tinanong si mister…
Kumusta naman ang araw mo?
"Matulog ka na. Pagod ako," sabi n'ya.
Humiga na. Ipinikit ang mata.
Buntong-hininga.

Imulat ang mata,
Magpungas-pungas,
Babangon na.
Ako'y magluluto pa.
Hinga.

Ilagay ang mantika.
Magprito nang ilang minuto.
Iabot sa anak.
Hinga.

"Kulang nga pala ang baon ni Junior…"
Sinabi kay mister.
Sabihing nagmahal ang karne…
Sampal!
Hinga.

Pinilit magtipid pero kulang pa rin.
Dagok!
"Eh di magtrabaho ka!," bulyaw n'ya.
Bakit hindi pa ba? Di ba't buong araw
   na ngang walang pahinga?
Hinga. Hikbi.

"Wag, masakit na!
Kagagaling lang ng aking mga pasa…
Maawa ka. Di na ako magsasalita."
Sapak!
Hinga… Hikbi.

Sumosobra na raw ako,
Puro na lang daw ako reklamo.
Reklamo? Huminga-humikbi
   na nga lang ang nagagawa ko.
Akmang tatadyak…
Palahaw… sigaw!

Tama na, tigil na.
Buong buhay na akong nagtitiis.
Lahat ng pagod, wala man lang salamat…
Sinusuklian pa ng dagok.
Sigaw… Takbo!

Sa labas ako'y humayo.
Humingi ng tulong sa paligid
   at doon natanto…
Ako'y di nag-iisa sa haraping ito.
Ang hinga ko'y hikbi rin n'ya at
Paulit-ulit na sigaw nila.

Ang mukha ko'y, mukha rin n'ya…
Maging ni Aling Nena…
Ni Susie at Karen, pati na rin ni Ana.
Lahat kami'y dinudusta.
Ngunit tapos na. Tapos na.
Muling paghinga.

Imulat ang mata.
Wag nang magpungas.
Babangon kami… tatayo.
Maluwag nang hihinga.

Hinding-hindi na hihikbi…
Sisigaw, paabante…
Patuloy na hahayo.